



Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Ang mga bilang ay bahagi ng ating pang-araw-araw na pamumuhay. Ang kaalamang bumilang, magdagdag at magbawas ay mahalagang tulong sa iyo.

Sa palengke man o tindahan, gumagamit ka ng mga bilang. Sinasabi mo kung ilan sa bawat bagay ang gusto mo. Itinatanong mo kung magkano ang ibabayad mo sa kahera kung magkano ang sukli na ibabalik sa iyo. Sa ganitong mga kalagayan makikita mo ang kahalagahan ng matematika.

Ihaharap sa iyo ng modyul na ito ang matematika. Pag-aralan mo itong mabuti. Tutulungan ka nito na maging bihasa sa paggamit ng mga bilang.

Ang modyul na ito ay nahahati sa tatlong aralin. Ito ay ang mga sumusunod:

Aralin 1 — *Pagbasa at Pagsulat ng mga Bilang*

Aralin 2 — *Pagdaragdag*

Aralin 3 — *Pagbabawas*



Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, maaari mo nang:

- ◆ masabi ang pagkakaiba ng isang tambilang sa isang bilang;
- ◆ matukoy ang *place value* ng isang tambilang sa ibinigay na bilang;
- ◆ maipahayag ang mga kaugnayan ng mga bilang;
- ◆ maisagawa ang pagdaragdag ng mga buong bilang (*whole numbers*) hanggang sa tatlong tambilang;
- ◆ maisagawa ang pagbabawas ng mga buong bilang hanggang sa tatlong tambilang; at
- ◆ malutas ang mga tanong na ginagamitan ng pagdaragdag at pagbabawas.



Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo pag-aralan ang modyul, sagutan mo muna ang madaling pagsusulit na ito upang malaman kung gaano na kalawak ang nalalaman mo ukol sa paksa.

A. Bilugan ang bilang kung saan ang digit na 6 ay may mas mataas na halaga sa bawat ibinigay na pares ng mga bilang sa ibaba.

1. 628 at 762

2. 136 at 564

3. 600 at 986

4. 610 at 169

5. 916 at 265

B. Isulat sa patlang kung ito ay $>$ (mas mataas), $<$ (mas mababa) o $=$ (magkatumbas).

1. 10 _____ 19

2. 92 _____ 93

3. 76 _____ 76

4. 84 _____ 64

5. 55 _____ 41

C. Ipadagdag.

1. $18 + 1 =$ _____

2. $2 + 14 =$ _____

$$3. \quad 1 + 10 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$4. \quad 8 + 0 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$5. \quad 7 + 6 = \underline{\hspace{2cm}}$$

D. Ipagbawas.

$$1. \quad 12 - 0 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$2. \quad 9 - 9 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$3. \quad 16 - 8 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$4. \quad 13 - 6 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$5. \quad 17 - 9 = \underline{\hspace{2cm}}$$

Kumusta ang iyong naging pagsagot? Sa palagay mo ba ay nasagutan mo ito nang mahusay? Ihambing ang iyong mga sagot sa mga nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37.

Kung ang lahat ng mga sagot mo ay tama, napakahusay! Ito ay nagpapakita lamang na may sapat kang kaalaman ukol sa mga paksa ng modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul na ito upang makapagbalik-aral. Maaaring madagdagan pa ang iyong kaalaman kung ipagpapatuloy mo ang pag-aaral ng modyul na ito.

Kung nakakuha ka ng mababang puntos, huwag malungkot. Nangangahulugan lamang ito na ang modyul na ito ay inilaan para sa iyo. Tutulungan ka nitong maunawaan ang mahahalagang kaisipan na magagamit mo sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, matututuhan mo ang mga kasagutan sa lahat ng mga tanong sa pagsusulit at marami pa! Handa ka na ba?

Maaari mo ng ilipat sa susunod na pahina upang simulan ang Aralin 1.

Pagbasa at Pagsulat ng mga Bilang

Bawat isa sa atin ay namimili. Binabayaran natin ang mga paninda at paglilingkod na ibinibigay sa atin. Ang presyo ay sinasabi sa pamamagitan ng mga bilang. Alam mo ba ang mga katagang “ilan” at “magkano?” Maraming bagay ang pinaggagamitan ng mga bilang. Makikita natin ito sa loob ng pampasaherong dyip, sa palengke, sa trabaho at maging sa tahanan.

Sa araling ito, matututuhan mo hindi lamang kung paano magbasa at magsulat ng mga bilang. Matututuhan mo rin ang kanilang kaugnayan sa isa't-isa.



Basahin Natin Ito

Pag-aralan ang larawan sa susunod na pahina. Bumili si Loida ng isang bag ng kamatis sa tindahan ni Mang Tino. Ang isang bag ay naglalaman ng 8 kamatis. Kung bumili si Loida ng 10 bag, magkakaroon siya ng 80 kamatis. Kung bumili siya ng 100 bag, magkakaroon siya ng 800 kamatis. Napakaraming kamatis!



Pag-isipan Natin Ito

Ang bilang na 8 ay maraming ulit na ginamit sa katatapos na gawain. Subalit alam mo ba na ito ay may iba't ibang halaga? Mahuhulaan mo ba kung alin sa 8, 80 at 800 ang nagbibigay ng pinakamalaking halaga sa bilang na 8? Isulat ang iyong sagot sa kahon sa ibaba.

Kung ang sagot mo ay “800”, tama ka.




Subukan Natin Ito

Magbalik-aral tayo kung paano magbilang ng sampuan. Punan ang patlang ng tamang kasagutan.

	Sinusulat Natin Na	Binabasa Natin Na
	10	sampu
		dalawampu
		tatlumpu
	40	
	50	limampu
	60	
		pitumpu
	80	walumpu
	90	

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.



Alamin Natin

Alam mo ba ang sampung simbolo na ginagamit natin sa mga bilang o paraan ng pagbibilang? Ito ay ang 0,1,2,3,4,5,6,7,8, at 9. Ang mga simbolong ito ay tinatawag na mga tambilang. Ang mga bilang ay binubuo ng mga tambilang. Sa bilang na 349, ang mga tambilang ay ang 3,4, at 9.

Subukang sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ilang tambilang mayroon sa bilang na 729? _____
2. Ano ang mga tambilang sa bilang na 608? _____, _____ at _____

Sa palagay mo ba ay parehong tama ang mga sagot mo? Mayroong tatlong tambilang sa bilang na 729. Ang mga tambilang ng bilang na 608 ay 6, 0 at 8.

Ang halaga ng tambilang ay nakabatay sa kinalalagyan nito sa bilang. Kaya ang ating paraan ng pagsusulat ng mga bilang ay tinatawag na *place value numeration system*. Tingnan ang tsart sa ibaba.

Bilang	Tig-iisang daan (<i>Hundreds</i>)	Tig-sasampu (<i>Tens</i>)	Tig-iisa (<i>Ones</i>)
543	5	4	3
209	2	0	9
167	1	6	7

Tingnan ang unang hanay sa tsart.

Bilang	Tig-iisang daan	Tig-sasampu	Tig-iisa
543	5	4	3

Ang tambilang na 5 ay nasa tig-iisang daan o pandaanan kaya ang halaga nito ay 5 na tig-iisang daan o limang daan. Ang tambilang na 4 ay nasa tig-sasampu o pansampung kaya ang halaga nito ay 4 na tig-sasampu o apatnapu. Ang tambilang na 3 ay nasa tig-iisa o pang-isahan kaya ang halaga nito ay 3 na tig-iisa o tatlo.

Mababasa mo ba ang bilang ng malakas? Binabasa natin ang mga ito ng mula sa kaliwa patungong kanan. Ang bilang na 543 ay binabasa na limandaan apatnapu't-tatlo.



Magbalik-aral Tayo


1. Ibigay ang place value ng bilang na 4 sa bawat bilang sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa patlang. Sundan ang halimbawa.

- a. 724 _____ tig-iisa _____
- b. 406 _____
- c. 849 _____
- d. 431 _____

2. Isulat ang simbolo ng bilang. Ang nauna ay nasagutan na para sa iyo.

- a. isang daan walumpu't-dalawa _____ 182 _____
- b. tatlong daan limampung-t-isa _____
- c. anim na raan apatnapu't-pito _____
- d. siyamnapu't-tatlo _____

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 39.



Alamin Natin

Mahuhulaan mo ba kung anong tambilang sa 888 ang may pinakamalaking halaga? Kung sinabi mong ito ay iyong isa na nasa pinakadulong kaliwa, tama ka. Ang nasa pinakadulong kanan ang may pinakamaliit na halaga.

Sa ano mang bilang, ang isang tambilang ay may maliit na halaga kung ito ay nasa kanan. Kaya sa 138, ang tambilang na 8 ay may pinakamaliit na halaga.

Paano kung walang tambilang sa isang lugar sa place value, katulad halimbawa sa kinalalagyan ng tig-sasampu? Ginagamit natin ang 0 sa mga kinalalagyan na walang mga tambilang. Ang sero ay isang *place holder*. Kung hindi natin gagamitin ito, makakukuha tayo ng bilang na iba sa iniisip natin.

Tingnan ang tsart sa ibaba.

Bilang	Tig-iisang Daan	Tig-sasampu	Tig-iisa
109	1	0	9
19		1	9

Kung ang talagang iniisip mo na isulat ay 109 subalit nakalimutan mo ang 0 sa kinalalagyan ng tig-sasampu, iba ang makukuha mong bilang. Sa ating halimbawa, ang bilang ay 19, at ito ay ibang-iba sa 109.




Subukan Natin Ito

Isulat ang simbolo ng bilang. Huwag kalilimutan na isulat ang sero sa place value na walang tambilang. Ang nauna ay nasagutan na para sa iyo.

1. tatlong daan at anim _____ 306 _____
2. pitong daan at siyamnapu _____
3. walong daan at lima _____
4. apat na raan at dalawampu _____
5. siyam na raan at dalawa _____

Ihambing ang iyong sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 39.



Alamin Natin

Alam mo ba kung papaanong ang isang bilang ay may kaugnayan sa ibang mga bilang? Ang isang bilang ay maaaring mas kaunti, mas higit, o katumbas ng isa pang bilang.

Ang isang bilang ay masasabing mas higit sa isa pang bilang kung ito ay mas malaki o kung ito ay mas higit ang halaga kaysa sa pangalawang bilang. Ginagamit ang simbolong $>$ upang ipahayag ang kalagayang ito. Ang simbolong ito ay binabasa na “*mas higit sa.*”

Tingnan ang halimbawa sa ibaba.

$$819 > 807$$

Ito ay binabasa bilang, “Ang walong daan at labinsiyam ay mas higit sa walong daan at pito.”

Kailan natin masasabi na ang isang bilang ay mas kaunti sa isa pang bilang? Ang isang bilang ay mas kaunti sa isa pang bilang kung ito ay may mas maliit na halaga sa ikalawang bilang. Ang kalagayang ito ay ipinapahayag sa pamamagitan ng simbolong $<$. Ang simbolong ito ay binabasa na “*mas kaunti sa.*”

Halimbawa,

$$725 < 983$$

Ito ay binabasa bilang, “Ang pitong daan at dalawampu’t-lima ay mas kaunti kaysa sa siyam na raan at walumpu’t-tatlo.”

Maaari ba nating pagpalitin ang mga bilang na hindi binabago ang mga simbolo sa pagitan nito? Hindi maaari. Dahil ang pangungusap ay magiging mali.

Sinabi natin sa nabanggit na halimbawa na ang $725 < 983$. Tingnan natin kung ano ang mangyayari kung pagpapalitin natin ang mga bilang.

$$983 < 725$$

Tama ba ang pangungusap? Hindi. Ano ang gagawin natin para maiwasto ito? Pagkatapos na mapagpalit ang mga bilang, kailangan din natin na palitan ang simbolo sa pagitan ng mga ito.

$$983 > 725$$

Alinman sa $(725 < 983)$ o $(983 > 725)$ ay tama.

Papaano kung ang isang bilang ay hindi maaaring mas higit o mas kaunti sa isa pang bilang? Kung gayon, ito ay magkatumbas. Ang magkatumbas na mga bilang ay may magkatulad na halaga. Ang simbolong = ay binabasa na “katumbas” o “ay katumbas ng.”

$$615 = 615$$

Ito ay binabasa bilang, “Ang anim na raan at labinlima ay katumbas ng anim na raan at labinlima.”



Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Isulat sa patlang kung ilang tambilang mayroon ang bawat bilang. Pagkatapos ay isulat ang mga tambilang sa loob ng kahon. Pag-aralan ang halimbawa sa ibaba bago mo ito simulang sagutan.

	_____3_____	422	<input type="text" value="4, 2, 2"/>
1.	_____	917	<input type="text"/>
2.	_____	10	<input type="text"/>
3.	_____	256	<input type="text"/>
4.	_____	8	<input type="text"/>
5.	_____	374	<input type="text"/>

B. Sa mga bilang na 179, 267, at 785, saan ang digit na 7

1. ay may pinaka-higit na halaga? _____
2. ay may pinaka-kaunting halaga? _____

C. Isulat ang simbolo ng mga bilang. Inilaan ang isang halimbawa upang gabayan ka.

- | | |
|---------------------------------|---------------|
| isang daan siyamnapu't-dalawa | _____192_____ |
| 1. pitong daan animnapu't-isa | _____ |
| 2. apat na raan at tatlo | _____ |
| 3. siyam na raan limampu't-pito | _____ |
| 4. dalawang daan at labing-isa | _____ |
| 5. walumpu't-anim | _____ |

D. Isulat sa patlang kung ito ay $>$ (mas higit sa), $<$ (mas kaunti sa), o $=$ (katumbas ng).

- | | | |
|--------|-------|-----|
| 1. 132 | _____ | 496 |
| 2. 758 | _____ | 301 |
| 3. 671 | _____ | 571 |
| 4. 203 | _____ | 203 |
| 5. 824 | _____ | 969 |

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina 40–41.



Tandaan Natin

Mayroong 10 simbolo na ginagamit para sa mga bilang. Ang mga simbolong ito ay tinatawag na mga tambilang. Ito ay ang 0, 1, 2, 3, 4, 5, 6, 7, 8, at 9. Ang mga tambilang ang bumubuo ng mga bilang.

Ang halaga ng isang tambilang ay nakabatay sa kinalalagyan nito sa isang bilang. Kaya ang ating paraan ng pagsusulat ng mga bilang ay tinatawag na place value numeration system.

- ◆ Sa anumang bilang, ang isang tambilang ay may mas kaunting halaga kaysa anumang tambilang na nasa kaliwa nito.
- ◆ Ginagamit natin ang 0 sa mga place value na walang tambilang. Ang sero ay isang place holder.
- ◆ Ang isang bilang ay maaaring mas kaunti, mas higit, o katumbas sa isa pang bilang.
- ◆ Ang isang bilang ay masasabing mas higit sa isa pang bilang kung ito ay mas malaki o may mas higit na halaga kaysa pangalawang bilang.
- ◆ Ang isang bilang ay mas kaunti sa isa pang bilang kung ito ay may mas maliit na halaga kaysa pangalawang bilang.
- ◆ Ang dalawang mga bilang ay magkatumbas sa isa't-isa kung magkatulad ang kanilang halaga.

Pagdaragdag

Nasubukan mo na bang magbenta ng kahit na ano man, halimbawa ng isda o gulay? Ano ang sinasabi mo kapag tinatanong ka ng mga mamimili kung magkano ang kanyang babayaran? Papaano kung kung ikaw naman ang bumibili? Tinatanong mo ba kung magkano ang babayaran mo at nagbabayad ka ba kaagad o tinutuos mo muna ang halaga ng mga pinamili mo bago mo sila bayaran?

Sa araling ito, matututuhan mo ang tungkol sa pagdaragdag. Ito ay lubhang makatutulong sa iyo lalo na kapag namimili o nagbebenta ka ng mga paninda.



Basahin Natin Ito



Mayroong tatlong tatak ng sabong panlaba sa tindahan ni Aling Gloria. Tinanong niya ang kanyang anak na si Maria kung ilang putol ng sabon mayroon sa tindahan. Mayroong 37 putol ng sabong *Bubbles*, 19 putol ng sabong *Colors*, at 28 putol ng sabong *Silky*. Binilang itong lahat ni Maria.

Mayroon bang mas madali at mas mabilis na paraan para malaman kung ilang putol ng sabon mayroon na hindi binibilang ang mga ito ng isa-isa? Magpatuloy sa pagbabasa upang malaman.

Katatapos lamang bilangin ni Maria ang mga putol ng sabon nang dumating ang kanyang ina.

Maria, ano ang ginagawa mo? Bakit mo binibilang ang lahat ng putol ng sabon?



Hindi mo na kailangan na bilangin pa lahat ito. Halika. Ipakikita ko sa iyo kung papaano ang pagdaragdag ng mga bilang.




Sunod siya Maria kay Aling Gloria sa mesa.

Ganito iyon ...



Sa pamamagitan ng pagdaragdag, nalaman natin na may 84 na putol tayo ng sabon.





Pag-isipan Natin Ito

Sa nakaraang gawain, nakita mo ang dalawang paraan upang malaman kung ilan lahat ang putol ng mga sabon. Una, ang pagbilang dito ng isa-isa. Ikalawa ang pagdaragdag ng mga bilang. Alin sa palagay mo ang mas madali at mas mabilis na gawin?

Huwag Kalimutan Ito

Bago tayo magpatuloy sa pagdaragdag ng mga bilang, balikan muna natin ang talahanayan sa pagdaragdag.

+	0	1	2	3	4	5	6	7
0	0	1	2	3	4	5	6	7
1	1	2	3	4	5	6	7	8
2	2	3	4	5	6	7	8	9
3	3	4	5	6	7	8	9	10
4	4	5	6	7	8	9	10	11
5	5	6	7	8	9	10	11	12
6	6	7	8	9	10	11	12	13
7	7	8	9	10	11	12	13	14
8	8	9	10	11	12	13	14	15
9	9	10	11	12	13	14	15	16

Alam mo ba kung papaano gamitin ito? Kumuha ng isang bilang mula sa hanay sa pinakadulong kaliwa at isa pang bilang mula sa pinakataas na hanay.

Halimbawa, kunin ang 7 mula sa hanay sa pinakadulong kaliwa at 4 mula sa pinakataas na hanay. Makikita mo ang bilang na 11 sa loob ng kahon na kahanay ng 7 (kung pahalang) at ng 4 (kung pababa). Ang kabuuan ng 7 at 4 ay 11. Tingnan kung gaano ka kabilis na magdagdag ng mga bilang na ginagamit ang talahanayan.

+	0	1	2	3	4	5	6
0	0	1	2	3	4	5	6
1	1	2	3	4	5	6	7
2	2	3	4	5	6	7	8
3	3	4	5	6	7	8	9
4	4	5	6	7	8	9	10
5	5	6	7	8	9	10	11
6	6	7	8	9	10	11	12
7	7	8	9	10	11	12	13
8	8	9	10	11	12	13	14
9	9	10	11	12	13	14	15

Pansinin na anumang bilang na idaragdag sa sero (0) ay hindi nagbabago.



Subukan Natin Ito

Sagutin ang mga sumusunod na ginagamit ang talahanayan sa pagdaragdag.

1. $8 + 5 = \underline{\quad}$


4. $3 + 7 = \underline{\quad}$

2. $6 + 6 = \underline{\quad}$

5. $2 + 9 = \underline{\quad}$

3. $9 + 8 = \underline{\quad}$

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 41.



Alamin Natin

Alalahanin ang kwento tungkol kay Aling Gloria at ng kanyang anak na si Maria. Mayroon silang 37 putol ng sabong Bubbles, 19 na putol ng sabong Colors at 28 putol ng sabong Silky. Tinuruan ni Aling Gloria si Maria kung papaano magdagdag. Natutuhan ni Maria ang pagdaragdag. Alam mo ba kung ano ito? Ang pagdaragdag ay isang pamamaraan ng pagsasama ng dalawa o higit pang mga bilang. Makakukuha ka ng isa pang bilang na katumbas ng mga bilang na pinagsama-sama.

Narito ang paraan na itinuro ni Aling Gloria kay Maria.

Una, sinabihan niya si Maria na bilangin ang lahat ng nasa tig-sasampu o pansampuan.

Sa 37, mayroong 3 sampu o 30

19, 1 sampu o 10

28, 2 sampu o 20

Mayroong kabuuang 6 na sampu o **60**.

60

At sinabihan niya si Maria na idagdag ang mga nasa tig-iisa o pang-isahan sa 60.

$$60 + 7 = 67$$

$$67 + 9 = 76$$

$$76 + 8 = \boxed{84}$$

Ang paraang ginamit ni Aling Gloria upang malaman kung ilan lahat ang mga putol ng sabon ay ipinakikita sa ibaba.

Magsimula rito.

Tig-sasampu	Tig-iisa
3	7
1	9
2	8
<hr/>	<hr/>
6 na sampu o 60	24 na tig-iisa o 24

Kung gayon, $37 + 19 + 28 = 84$. Ito ay binabasa bilang, “tatlumpu’t-pito dagdagan ng labinsiyam at dalawampu’t-walo ay katumbas ng walumpu’t-apat.”




Subukan Natin Ito

Gamitin ang pamamaraang katulad ng ginamit ni Aling Gloria upang masagutan ang isang suliranin sa ibaba. Ipakita kung paano ito nalutas.

Si Mang Kiko ay may iba’t ibang uri ng prutas sa kanyang bakuran. Isang araw, siya ay pumitas ng ilang mga prutas. Nakakuha siya ng 12 bayabas, 9 na mangga at 13 kaimito. Ilang prutas ang nakuhang lahat ni Mang Kiko?


Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 42.



Alamin Natin

Alam mo ba na bawat simbolo o bilang sa ekwasyon ng pagdaragdag ay may katawagan din?

Ang mga bilang na idinaragdag ay tinatawag na *addends*. Ang panandang + ay ang tanda ng pagdaragdag. Ito ay ginagamit sa pagdaragdag ng mga bilang. Ang bilang na nakuha mo pagkatapos na idagdag ang dalawa o higit pang mga bilang ay tinatawag na kabuuan. Ang kabuuan ay laging mas higit kaysa alin mang addends.



Alalahanin ang paraan na ginamit ni Aling Gloria. Alam mo ba na mayroon pang mas maikling pamamaraan ng pagdaragdag ng mga bilang kaysa sa kanyang ginamit? Gusto mo bang matutuhan ito? Kung gayon ay ipagpatuloy mo ang pagbabasa.

Una, isulat ang mga addends sa anyo na nasa ibaba. Tiyakin na ang mga tambilang na magkatulad ang kinalalagyan ay magkakanay.

$$\begin{array}{r} 147 \\ 219 \\ + 38 \\ \hline \end{array}$$

Idagdag muna ang mga bilang sa hanay ng tig-iisa o pang-isahan.

$$\begin{array}{r} 147 \\ 219 \\ \underline{38} \\ 4 \end{array}$$

7 idagdag ang 9, idagdag ang 8 = 24

Bakit isinulat lang natin ang tambilang na 4 at hindi ang 24 sa ibaba ng addends? Ito ay sa dahilang sa 24, tanging ang tambilang na 4 lamang ang may halaga na tig-iisa. Ang tambilang na 2 ay may halagang tig-sasampu o pansampuan. Kung gayun, ang 2 ay dapat na idagdag sa tig-sasampu. Kaya isusulat mo ang 2 na kagaya ng nasa ibaba. Sinasabi ring, “Dalhin ang 2 sa hanay ng tig-sasampu.”

Pagkatapos, idagdag ang lahat ng mga tambilang na nasa hanay ng tig-sasampu o pansampuan.

$$\begin{array}{r}
 \begin{array}{cc}
 1 & 2 \\
 1 & 4 & 7
 \end{array} \\
 2 & 1 & 9 \\
 + & 3 & 8 \\
 \hline
 0 & 4 &
 \end{array}$$

Ang sampung tig-sasampu ay katumbas ng isang daan. Kung gayon, ilalagay lang natin ang 0 sa ibaba ng iba pang mga tambilang sa tig-sasampu.

Pagkatapos, idagdag ang 1 sa mga tambilang ng tig-iisang daan o pandaanan.

$$\begin{array}{r}
 \begin{array}{cc}
 1 & 2 \\
 1 & 4 & 7
 \end{array} \\
 2 & 1 & 9 \\
 + & 3 & 8 \\
 \hline
 \boxed{4} & 0 & 4
 \end{array}$$

Ang kabuuan kapag ang 147, 219, at 38 ay idinagdag ay $\boxed{404}$.

Anong pamamaraan ang mas madali para sa iyo?



Magbalik-aral Tayo

Sagutan ang mga sumusunod na suliranin na ginagamit ang mas maikling pamamaraan. Ipakita ang iyong paraan ng paglutas.

Nagluluto ng banana cue si Aling Celina tuwing Linggo. Inilalako ito ng kanyang tatlong anak sa palengke, sa sabungan at sa malapit sa simbahan. Ang kanyang panganay na anak ay nakapagbenta ng 45, ang kanyang pangalawang anak ay nakapagbenta ng 29, at ang kanyang bunsong anak ay nakapagbenta ng 63 na banana cue! Ilang banana cue lahat ang naibenta?

Ihambing ang iyong kasagutan sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 43.



Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Sumangguni sa talahanayan ng pagdaragdag sa pahina 17 at ibigay ang mga sagot.

1. $3 + 9 = \underline{\hspace{2cm}}$

6. $9 + 0 = \underline{\hspace{2cm}}$

2. $5 + 6 = \underline{\hspace{2cm}}$

7. $6 + 8 = \underline{\hspace{2cm}}$

3. $8 + 7 = \underline{\hspace{2cm}}$

8. $1 + 6 = \underline{\hspace{2cm}}$

4. $9 + 4 = \underline{\hspace{2cm}}$

9. $0 + 7 = \underline{\hspace{2cm}}$

5. $2 + 8 = \underline{\hspace{2cm}}$

10. $5 + 5 = \underline{\hspace{2cm}}$

B. Kunin ang kabuuan. Ipakita ang paraan ng paglutas.

1. Inutusan ni Aling Maring ang kanyang anak na si Raul na bumili ng ilang mga paninda sa isang groseri. Inutusan niya ito na bumili ng 12 itlog, 10 pakete ng *noodles* at 24 na *sachet* ng shampoo. Ilan lahat ang mga paninda na dapat na dalhin ni Raul sa bahay?

2. Ipinakita ng mga anak ni Mang Kanor sa kanya ang kanilang mga laruan. Si Nick ay may 26 na holen. Si Noel naman ay may 54 na goma at si Nica ay may 8 na manikang papel. Ilan lahat ang mga laruan ng mga anak ni Mang Kanor?

3. Ipadagdag.

$$\begin{array}{r} 57 \\ 113 \\ + 564 \\ \hline \end{array}$$

4.

$$\begin{array}{r} 109 \\ 276 \\ + 335 \\ \hline \end{array}$$

5.

$$\begin{array}{r} 100 \\ 92 \\ + 614 \\ \hline \end{array}$$

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina 44–47.



Tandaan Natin

- ◆ Ang *pagdaragdag* ay ang pamamaraan ng pagsasama ng dalawa o higit pang mga bilang. Sa pamamagitan nito, makakukuha tayo ng ibang bilang na katumbas ng mga bilang na pinagsama.
- ◆ Ang mga bilang na ipinagdadagdag ay tinatawag na *addends*.
- ◆ Ang tanda sa pagdaragdag ay $+$. Ito ay ginagamit kapag ipinadadagdag ang mga bilang.
- ◆ Ang bilang na makukuha pagkatapos na ipadagdag ang mga bilang ay tinatawag na kabuuan. Ang kabuuan ay laging mas higit ang halaga kaysa sa addends.
- ◆ Anumang bilang na idaragdag sa sero ay hindi nagbabago.
- ◆ Kapag nagdaragdag ng mga bilang, tiyakin na ang tambilang na kabilang sa magkatulad na kinalalagyan ay nakahanay. Una, ipagdagdag ang mga tambilang na nasa hanay ng tig-iisa. Pagkatapos, ipagdagdag ang mga nasa hanay ng tig-sasampu at ang huli, ipagdagdag ang mga nasa hanay ng tig-iisang daan.



Pagbabawas


Sumasakay ka ba ng dyip o traysikel upang makapunta sa iyong trabaho o sa palengke? Kapag nagbayad ka ng dalawampung piso, madali mo bang nalalaman kung magkano ang sukli na kukunin mo? Pagkatapos na magastos mo ang iyong limandaang piso, papaano mo malalaman kung magkano pa ang natitira na hindi mo binibilang ang iyong salapi?

Sa araling ito, matututuhan mo ang tungkol sa pagbabawas.



Basahin Natin Ito






Pag-isipan Natin Ito

1. Nagtagumpay ba si Lito na makuha ang ilang bahagi ng sukli para sa kanya?

2. Paano nalaman ni Aling Elisa ang halaga ng sukli na dapat ibigay sa kanya?


Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 47.



Alamin Natin

Tuklasin natin kung papaanong nalaman ni Aling Elisa na itinago ni Lito ang sukli para sa kanya.

Binigyan ni Aling Elisa si Lito ng limampung piso upang bumili ng toyo. Kanina sa salaysay, sinabi niya na alam na alam niya kung magkano talaga ang halaga ng isang bote ng toyo. Halimbawang ito ay nagkakahalaga ng labing-apat na piso, magkano ang sukli na dapat na makukuha ni Aling Elisa?



Ang panandang $-$ ay pananda ng pagbabawas. Ito ay ginagamit kapag nagbabawas ng bilang. Alam mo ba kung ano ang pagbabawas? Ang *pagbabawas* ay isang operasyon o pamamaraan ng pagkuha ng bilang mula sa isang malaking bilang.

Ang 50 ay tinatawag na minuend. Ang *minuend* ay ang bilang kung saan ang isa pang bilang ay ibinabawas. Ang 14 ay tinatawag na subtrahend. Ang *subtrahend* ay ang bilang na tinatanggal mula sa malaking bilang na tinatawag na minuend. Ang bilang na makukuha mo pagkatapos na magbawas ng bilang ay tinatawag na *difference*. Ang difference ay laging mas maliit na bilang kaysa sa minuend.

Pag-aralang mabuti ang pamamaraan na nasa ibaba.

$$\begin{array}{r}
 50 \\
 - 14 \\
 \hline
 \end{array}$$

$$\begin{array}{r}
 50 + 0 \\
 - (10 + 4) \\
 \hline
 0 - 4 \text{ ---- (a)}
 \end{array}$$

$$\begin{array}{r}
 \overset{40}{\cancel{50}} + 10 \text{ ---- (b)} \\
 - (10 + 4) \\
 \hline
 30 + 6 \text{ ---- (c)}
 \end{array}$$

- a. Ang 0–4 ay hindi maaari sapagkat ang 4 ay mas higit sa 0.
- b. Kukuha tayo ng isang sampu mula sa 50 na may iniwanang 40 sa hanay ng tig-sasampu o pansampuan. Ang isang sampu ay katumbas ng sampung tig-iisa.
- c. Sa pagbabawas ng apat mula sa 10, ang kalalabasan ay 6. Sa pagbabawas ng 10 mula sa 40, ang kalalabasan ay 30.

$$50 - 14 = \boxed{36}$$

Ito ay binabasa bilang, “limampu babawasan ng labing-apat ay magiging tatlumpu’t-anim.”

Samakatuwid, dapat makakuha si Aling Elisa ng sukli na 36 na piso. Subalit nagbigay lang si Lito ng mas maliit na halaga, na kanyang ikinagalit.

Gusto mo bang malaman ang ginagamit na pamamaraan ni Aling Elisa?

Pag-aralan ito.

$$\begin{array}{r} \overset{4}{\cancel{5}}\overset{1}{0} \\ - 14 \\ \hline \boxed{36} \end{array}$$

Anong pamamaraan ng pagbabawas ang higit mong nagustuhan?



Subukan Natin Ito

Ibigay ang difference. Ipakita ang iyong pamamaraan.

$$\begin{array}{r} 1. \quad 73 \\ - 25 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 2. \quad 80 \\ - 59 \\ \hline \end{array}$$

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina 48–49.



Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Ipagbawas.

$$1. \quad 20 - 9 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$6. \quad 19 - 9 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$2. \quad 14 - 8 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$7. \quad 15 - 8 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$3. \quad 5 - 0 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$8. \quad 9 - 6 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$4. \quad 11 - 7 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$9. \quad 11 - 0 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$5. \quad 10 - 10 = \underline{\hspace{2cm}}$$

$$10. \quad 12 - 1 = \underline{\hspace{2cm}}$$

B. Lutasin ang mga sumusunod na mga suliranin. Ipakita ang iyong pamamaraan.

1. Isang pagpupulong ang ginanap sa loob ng bulwagan ng Barangay Mapayapa. Dumalo ang may 153 katao. Subalit pagdating ng 4:30 ng hapon, umalis ang 39 na katao. Ilan ang natira sa pagpupulong?
2. Malapit na ang tag-ulan kaya bumili si Leony ng kapote para sa kanyang anak na lalaki. Nagkakahalaga ito ng 125 na piso. Nagbigay siya ng 150 na piso sa kahera. Magkano ang sukli na dapat na tanggapin ni Leony?
3. Alisin ang 89 mula sa 396.
4. Ibawas ang 108 mula sa 217.
5.
$$\begin{array}{r} 862 \\ - 95 \\ \hline \end{array}$$

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 49–53.



Tandaan Natin

- ◆ Ang panandang – ay ang pananda ng pagbabawas. Ito ay ginagamit kapag nagbabawas ng bilang.
- ◆ Ang pagbabawas ay isang operasyon o pamamaraan ng pagkuha ng bilang mula sa isang mas malaking bilang.
- ◆ Ang *minuend* ay ang bilang kung saan ang isa pang bilang ay ibinabawas mula rito.
- ◆ Ang *subtrahend* ay ang bilang na tinatanggal mula sa malaking bilang.
- ◆ Ang bilang na makukuha pagkatapos na magbawas ng bilang ay tinatawag na *difference*. Ang difference ay laging mas maliit na bilang kaysa sa minuend.

Natapos mo na ang pag-aaral ng modyul na ito. Binabati kita! Ang iyong pagtitiyaga at pananabik na matuto ay nagbunga ng mabuti. May mga natutuhan ka ba sa modyul na ito? Nasiyahan ka ba sa pagbabasa nito?

Ang mga sumusunod ay buod ng modyul na ito. Basahin ito upang matulungan kang maalala ang pangunahing mga punto ng modyul na ito.



Ibuod Natin

Ang modyul ay nagsasabi sa atin na:

- ◆ Ang mga bilang ay bahagi ng ating pang-araw-araw na buhay. Dapat nating linangin ang ating kasanayan sa pagdaragdag at pagbabawas.
- ◆ Mayroong sampung simbolo sa pamamaraan ng ating pagbilang. Tinatawag natin ang mga ito na tambilang. Ang mga simbolong ito na siyang bumubuo ng mga bilang ay ang 0,1,2,3,4,5,6,7,8 at 9.
- ◆ Ang halaga ng isang tambilang ay nababatay sa kanyang kinalalagyan sa bilang. Kaya ang tawag sa pamamaraan ng pagsulat ng mga bilang ay *place value numeration system*.
- ◆ Sa anumang bilang, ang isang tambilang ay may mas maliit na halaga kaysa sa alin mang tambilang sa kaliwa nito.
- ◆ Ang bilang ay maaaring mas kaunti, mas higit, o katumbas ng isa pang bilang.
- ◆ Ang bilang ay masasabing mas higit sa isa pang bilang kung ito ay mas malaki kaysa sa ikalawang bilang.
- ◆ Ang bilang ay mas kaunti sa isa pang bilang kung ito ay mas maliit kaysa sa ikalawang bilang.
- ◆ Ang dalawang mga bilang ay magkatumbas kung magkatulad ang halaga ng mga ito.
- ◆ Ang pagdaragdag ay isang pamamaraan ng pagsasama ng dalawa o higit pang mga bilang. Sa pamamagitan nito, makakukuha tayo ng ibang bilang na katumbas ng mga bilang na pinagsama.

- ◆ Anumang bilang na idinaragdag sa sero (0) ay mananatiling hindi nagbabago.
- ◆ Ang mga bilang na idinaragdag ay tinatawag na addends.
- ◆ Ang bilang na makukuha mo pagkatapos na ipagdagdag ang mga bilang ay tinatawag na kabuuan. Ang kabuuan ay laging mas higit ang halaga kaysa sa addends.
- ◆ Kapag nagdaragdag ng mga bilang, tiyakin na ang tambilang na kabilang sa magkakatulad na kinalalagyan ay nakahanay. Una, ipagdagdag ang mga tambilang na nasa hanay ng tig-iisa o pang-isahan. Pagkatapos, ipagdagdag ang mga nasa hanay ng tig-sasampu o pansampuan at ang huli, ipagdagdag ang mga nasa hanay ng tig-iisang daan o pandaanan.
- ◆ Ang panandang – ay ang pananda ng pagbabawas. Ito ay ginagamit kapag nagbabawas ng bilang.
- ◆ Ang pagbabawas ay isang operasyon o pamamaraan ng pagkuha ng bilang mula sa isang malaking bilang.
- ◆ Ang minuend ay ang bilang kung saan ang isa pang bilang ay ibinabawas.
- ◆ Ang subtrahend ay ang bilang na tinatangal mula sa malaking bilang.
- ◆ Ang bilang na makukuha mo pagkatapos na magbawas ng bilang ay tinatawag na difference. Ang difference ay laging mas maliit na bilang kaysa sa minuend.
- ◆ Kapag ang sero (0) ay ibinawas mula sa alin mang bilang, ang bilang na ito ay hindi magbabago.
- ◆ Kapag ang isang bilang ay ibinawas mula sa katulad na bilang, ang sagot ay laging sero (0).



Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

A. Ibigay ang mga tambilang ng bawat bilang.

1. 333 _____

2. 147 _____

3. 28 _____

4. 905 _____

5. 686 _____

C. Ibigay ang nawawalang bilang.

1. $20 - 11 =$ _____

2. $9 + 8 =$ _____

3. $13 - 0 =$ _____

4. $12 + 6 =$ _____

5. $17 + 0 =$ _____

B. Isulat sa bawat patlang kung ang bilang ay $>$ o $<$.

1. 113 _____ 112

2. 259 _____ 259

3. 197 _____ 486

4. 504 _____ 601

5. 318 _____ 308

D. Lutasin ang mga suliranin sa ibaba. Ipakita ang iyong pamamaraan.

1. Tumakbo bilang alkalde si G. Santos noong nakaraang halalan. Nakakuha siya ng 112 boto mula sa Barangay A, 203 boto mula sa Barangay B, at 94 na boto mula sa Barangay C. Ilan lahat ang boto na nakuha ni G. Santos mula sa tatlong Barangay?

2. Nakapag-impok si Aling Margarita ng pera mula sa pagtitinda ng mga gulay sa pamilihan. Nakapag-impok siya ng 984 na piso sa kabuuan. Naisipan niya na magluto ng masasarap na pagkain sa kaarawan ng kanyang anak na lalaki. Subalit nagkagastos na siya ng 115 na piso mula sa kanyang naimpok para sa laruan na ibinigay niya sa kanyang anak. Magkano na lang ang natira kay Aling Margarita para sa kaarawan ng kanyang anak?

$$\begin{array}{r} 3. \quad 319 \\ \quad 242 \\ + \quad 71 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 4. \quad 712 \\ \quad - 238 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 5. \quad 561 \\ \quad - 48 \\ \hline \end{array}$$

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina 53–57.



Batayan sa Pagwawasto

A. Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (*pahina 2–3*)

- A. 1. **628** at 762
2. 136 at **564**
3. **600** at 986
4. **610** at 169
5. 916 at **265**










- B. 1. 10 < 19
2. 92 < 93
3. 76 = 76
4. 84 > 64
5. 55 > 41

- C. 1. 18 + 1 = **19**
2. 2 + 14 = **16**
3. 1 + 10 = **11**
4. 8 + 0 = **8**
5. 7 + 6 = **13**

- D. 1. 12 – 0 = **12**
2. 9 – 9 = **0**
3. 16 – 8 = **8**
4. 13 – 6 = **7**
5. 17 – 9 = **8**

B. Aralin 1

Subukan Natin Ito (pahina 6)

	Sinusulat Natin Na	Binabasa Natin Na
	10	sampu
	20	dalawampu
	30	tatlumpu
	40	apatnapu
	50	limampu
	60	animnapu
	70	pitumpu
	80	walumpu
	90	siyamnapu

Magbalik-aral Tayo (pahina 8)

1. a. tig-iisa
b. tig-iisang daan
c. tig-sasampu
d. tig-iisang daan
2. a. (182)
b. 351
c. 647
d. 93

Subukan Natin Ito (pahina 10)

1. 306
2. 790
3. 805
4. 420
5. 902

Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 12 –13)

- A. 1. 3 917 9, 1, 7
2. 2 10 1, 0
3. 3 256 2, 5, 6
4. 1 8 8
5. 3 374 3, 7, 4

- B. 1. 785
2. 267

- C. 1. Pitong daan animnapu't isa ay 761
2. Apat na raan at tatlo ay 403
3. Siyam na raan limampu't pito ay 957
4. Dalawang daan at labing-isa ay 211
5. Walumpu't anim ay 86

D. 1. $132 < 496$

2. $758 > 301$

3. $671 > 571$

4. $203 = 203$

5. $824 < 969$

C. Aralin 2

Subukan Natin Ito (pahina 18)

1. $8 + 5 = \mathbf{13}$

2. $6 + 6 = \mathbf{12}$

3. $9 + 8 = \mathbf{17}$

4. $3 + 7 = \mathbf{10}$

5. $2 + 9 = \mathbf{11}$

Subukan Natin Ito (pahina 20)

Alin man sa dalawang pamamaraan ay tama.

a. Sa 12, mayroong 1 sampu o 10
13, 1 sampu o 10
 —————
 2 sampu o 20

$$20 + 2 = 22$$

$$22 + 9 = 31$$

$$31 + 3 = \boxed{34}$$

b.

Tig-sasampu	Tig-iisa
1	2
0	9
+ 1	3
—————	—————
2 sampu o 20	14

$$20 + 14 = 34$$

Magbalik-aral Tayo (pahina 23)

$$\begin{array}{r} \overset{1}{4}5 \\ 29 \\ + 63 \\ \hline 137 \end{array}$$

Ito ay nangangahulugan na:

$40 + 5$	$\overset{10}{4}0 + 5$	
$20 + 9$	$20 + 9$	
$60 + 3$	$60 + 3$	$130 + 7 = \mathbf{137}$
$\hline 17$	$\hline 130 + 7$	
(a)	(b)	

Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 23–24)

- A. 1. $3 + 9 = \mathbf{12}$ 6. $9 + 0 = \mathbf{9}$
2. $5 + 6 = \mathbf{11}$ 7. $6 + 8 = \mathbf{14}$
3. $8 + 7 = \mathbf{15}$ 8. $1 + 6 = \mathbf{7}$
4. $9 + 4 = \mathbf{13}$ 9. $0 + 7 = \mathbf{7}$
5. $2 + 8 = \mathbf{10}$ 10. $5 + 5 = \mathbf{10}$

B. Inaasahang ang iyong sagot ay katulad sa anumang pamamaraan sa ibaba.

1. a. Sa 12, mayroong 1 tig-sasampu o 10
10, 1 tig-sasampu o 10
24, 2 tig-sasampu o 20

4 sampu o 40

$$40 + 2 = 42$$

$$42 + 4 = \mathbf{46}$$

b. Tig-sasampu

$$\begin{array}{r} 1 \\ 1 \\ + 2 \\ \hline 4 \text{ sampu o } 40 \end{array}$$

Tig-iisa

$$\begin{array}{r} 2 \\ 0 \\ 4 \\ \hline 6 \end{array}$$

c.

12	10 + 2	
10	10	$40 + 6 = 46$
+ 24	20 + 4	
46	40 + 6	

2. a. Sa 26, mayroong 2 tig-sasampu o 20
 54, 5 tig-sasampu o 50
-
- 7 tig-sasampu o 70

$$70 + 6 = 76$$

$$76 + 4 = 80$$

$$80 + 8 = \boxed{88}$$

b.

Tig-sasampu	Tig-iisa	
2	6	
+ 5	4	$70 + 18 = 88$
7 sampu o 70	8	
	18	

c.

26	20 + 6
54	50 + 4
+ 8	+ 8
88	80 + 8 = 88

3.

$$\begin{array}{r} \\ 57 \\ 113 \\ + 564 \\ \hline 734 \end{array}$$

$$\begin{array}{r} \\ 100 \\ 500 \\ \hline 600 \text{-----} 10 \\ \text{-----} 100 \\ \text{-----} 600 \\ \hline 700 \text{ or } \mathbf{734} \end{array}$$

4.

$$\begin{array}{r} \\ 109 \\ 276 \\ + 335 \\ \hline 720 \end{array}$$

$$\begin{array}{r} \\ 100 \\ 200 \\ 300 \text{-----} 20 \\ \hline 600 \text{-----} 100 \\ \text{-----} 600 \\ \hline 700 \text{ or } \mathbf{720} \end{array}$$

5.

$$\begin{array}{r} \\ 100 \\ \\ 92 \\ + 614 \\ \hline 806 \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 100 \\ 600 + 90 + 2 \\ \hline 700 + 100 + 6 \\ \\ 100 \\ 700 \\ \hline 800 + 6 \text{ or } \mathbf{806} \end{array}$$

C. Aralin 3

Pag-isipan Natin Ito (pahina 27)

1. Hindi nagtagumpay si Lito sa pagkuha ng ilang bahagi ng sukli.
2. Ibinawas niya ang halaga ng toyo mula sa halaga na ibinigay niya sa kanyang anak.

Subukan Natin Ito (pahina 30)

1.

$$\begin{array}{r} \overset{6}{\cancel{7}}13 \\ - 25 \\ \hline \boxed{48} \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 73 \\ - 25 \\ \hline \end{array} \qquad \begin{array}{r} 70 + 3 \\ - (20 + 5) \\ \hline 3 - 5 \text{ ----- (a)} \end{array} \qquad \begin{array}{r} \overset{6}{\cancel{70}} + \overset{1}{3} \text{ ----- (b)} \\ - (20 + 5) \\ \hline 40 + 8 \text{ ----- (c)} \end{array}$$

(a) $3 - 5$ ay hindi maaari sapagkat ang 5 ay mas higit sa 3.

(b) Makakukuha tayo ng isang sampu sa 70 na iniwan ang 60 sa hanay ng pansampuan. Isang sampu ay katumbas ng 10 tag-iisa.

(c) Sa pagbabawas ng 5 sa 13, makakukuha tayo ng 8. Sa pagbabawas ng 20 sa 60, makakukuha tayo ng 40.

$$40 + 8 = \boxed{48}$$

2.

$$\begin{array}{r} \overset{7}{\cancel{8}}10 \\ - 59 \\ \hline \boxed{21} \end{array}$$

$$\begin{array}{r}
 80 \\
 - 59 \\
 \hline
 \end{array}
 \qquad
 \begin{array}{r}
 80 + 0 \\
 - (50 + 9) \\
 \hline
 0 - 9 \text{ ---- (a)}
 \end{array}
 \qquad
 \begin{array}{r}
 \overset{7}{\cancel{8}0} + \overset{10}{10} \text{ ---- (b)} \\
 - (50 + 9) \\
 \hline
 20 + 1 \text{ ---- (c)}
 \end{array}$$

- (a) $0 - 9$ ay hindi maaari sapagkat ang 9 ay mas higit sa 0.
- (b) Makakukuha tayo ng 10 sa 80 na iniwan ang 70 sa hanay ng pansampuan. Ang isang sampu ay katumbas ng 10 isa.
- (c) Sa pagbabawas ng 9 sa 10, makakukuha tayo ng 1. Sa pagbabawas ng 50 sa 70, makakukuha tayo ng 20.

$$80 - 59 = \boxed{21}$$

Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 30–31)

- | | |
|------------------------------|----------------------------|
| A. 1. $20 - 9 = \mathbf{11}$ | 6. $19 - 9 = \mathbf{10}$ |
| 2. $14 - 8 = \mathbf{6}$ | 7. $15 - 8 = \mathbf{7}$ |
| 3. $5 - 0 = \mathbf{5}$ | 8. $9 - 6 = \mathbf{3}$ |
| 4. $11 - 7 = \mathbf{4}$ | 9. $11 - 0 = \mathbf{11}$ |
| 5. $10 - 10 = \mathbf{0}$ | 10. $12 - 1 = \mathbf{11}$ |

B. 1.

$$\begin{array}{r}
 \overset{4}{1} \overset{1}{\cancel{8}} \overset{3}{3} \\
 - 39 \\
 \hline
 \end{array}$$

$$\boxed{114}$$

$$\begin{array}{r}
 153 \\
 - 39 \\
 \hline
 \end{array}
 \qquad
 \begin{array}{r}
 100 + 50 + 3 \\
 - (30 + 9) \\
 \hline
 3 - 9 \text{ ---- (a)}
 \end{array}
 \qquad
 \begin{array}{r}
 100 + \overset{4}{\cancel{30}} + {}^13 \text{ ---- (b)} \\
 - (30 + 9) \\
 \hline
 100 + 10 + 4 \text{ ---- (c)}
 \end{array}$$

- (a) 3 – 9 ay hindi maaari sapagkat ang 9 ay mas higit sa 3.
- (b) Makakukuha tayo ng isang 10 sa 50 na iniwan ang 40 sa hanay ng pansampuan. Ang isang sampu ay katumbas ng 10 tag-iisa.
- (c) Sa pagbabawas ng 9 sa 13, matitira ang 4. Sa pagbabawas ng 30 sa 40, matitira ang 10.

$$153 - 39 = \boxed{114}$$

2.

$$\begin{array}{r}
 \overset{4}{\cancel{1}0} \\
 - 125 \\
 \hline
 \boxed{25}
 \end{array}$$

$$\begin{array}{r}
 150 \\
 - 125 \\
 \hline
 \end{array}
 \qquad
 \begin{array}{r}
 100 + 50 + 0 \\
 - (100 + 20 + 5) \\
 \hline
 0 - 5 \text{ ---- (a)}
 \end{array}
 \qquad
 \begin{array}{r}
 100 + \overset{4}{\cancel{30}} + {}^10 \text{ ---- (b)} \\
 - (100 + 20 + 5) \\
 \hline
 20 + 5 \text{ ---- (c)}
 \end{array}$$

- (a) 0 – 5 ay hindi maaari sapagkat ang 5 ay mas higit sa 0.
- (b) Makakukuha tayo ng 10 sa 50 na iniwan ang 40 sa hanay ng pansampuan. Ang isang sampu ay katumbas ng 10 tag-iisa.
- (c) Sa pagbabawas ng 5 sa 10, matitira ang 5. Sa pagbabawas ng 20 sa 40, matitira ang 20. Sa pagbabawas ng 100 sa 100, matitira ay 0.

$$150 - 125 = \boxed{25}$$

3.

$$\begin{array}{r} 3\overset{8}{\cancel{0}}16 \\ - 89 \\ \hline \boxed{307} \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 396 \\ - 89 \\ \hline \end{array} \quad \begin{array}{r} 300 + 90 + 6 \\ - \quad \quad (80 + 9) \\ \hline 6 - 9 \dots \text{(a)} \end{array} \quad \begin{array}{r} 300 + \overset{8}{\cancel{90}} + \overset{1}{6} \dots \text{(b)} \\ - \quad \quad (80 + 9) \\ \hline 300 + 0 + 7 \dots \text{(c)} \end{array}$$

- (a) $6 - 9$ ay hindi maaari sapagkat ang 9 ay mas higit sa 6.
- (b) Makakukuha tayo ng sampu sa 90 na iniwan ang 80 sa hanay ng pansampuan. Ang isang sampu ay katumbas ng 10 tag-iisa.
- (c) Sa pagbabawas ng 9 sa 16, ang matitira ay 7. Sa pagbabawas ng 80 sa 80, ang matitira ay 0. Sa pagbabawas ng 0 sa 300, ang matitira ay 300. Kung kaya atin lang ibababa ang 300.

$$396 - 89 = \boxed{307}$$

4.

$$\begin{array}{r} \overset{0}{2} \overset{1}{7} \\ - 108 \\ \hline \boxed{109} \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 217 \\ - 108 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 200 + 10 + 7 \\ - (100 + 0 + 8) \\ \hline 7 - 8 \text{ --- (a)} \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 200 + \cancel{0} + 17 \text{ ---- (b)} \\ - (100 + 0 + 9) \\ \hline 100 + 0 + 9 \text{ ---- (c)} \end{array}$$

(a) $7 - 8$ ay hindi maaari sapagkat ang 8 ay mas higit sa 7.

(b) Makakukuha tayo ng 10 sa 10 na iniwan ang 0 sa hanay . Ang isang sampu ay katumbas ng 10 tag-iisa.

(c) Sa pagbabawas ng ng 8 sa 17, ang matitira ay 9. Sa pagbabawas ng 0 sa 0, ang matitira ay 0. Sa pagbabawas ng 100 sa 200, ang matitira ay 100.

$$217 - 108 = \boxed{109}$$

5.

$$\begin{array}{r} \overset{7}{8} \overset{15}{6} \overset{1}{2} \\ - 95 \\ \hline \boxed{767} \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 862 \\ - 95 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 800 + 60 + 2 \\ - \quad \quad (90 + 5) \\ \hline \end{array}$$

2 – 5 – – – (a)

$$\begin{array}{r} \overset{7}{8}00 + \overset{15}{\cancel{6}0} + \overset{12}{2} \text{ – – – – (b)} \\ - \quad \quad (90 + 5) \\ \hline \end{array}$$

700 + 60 + 7 – – – – (c)

- (a) 2 – 5 ay hindi maaari sapagkat ang 5 ay mas higit sa 2.
- (b) Makakukuha tayo ng 10 sa 60 na iniwan ang 50 sa hanay ng pansampuan. Pagkatapos, makakukuha tayo ng isang 100 sa 800 na iniwan ang 700 sa hanay ng pandaanan. Ang isang daan ay katumbas ng 10 tag-sasampu.
- (c) Sa pagbabawas ng 5 sa 12, ang matitira ay 7. Sa pagbabawas ng 90 sa 150, ang matitira ay 60. Sa pagbabawas ng 0 sa 700, ang matitira ay 700. Kung kaya, atin lang ibababa ang 700.


$$862 - 95 = \boxed{767}$$

D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? (pahina 35–36)

- A.
1. Ang mga digit ng bilang na 133 ay 1, 3, at 3.
 2. Ang mga digit ng bilang na 147 ay 1, 4, at 7.
 3. Ang mga digit ng bilang na 28 ay 2 at 8.
 4. Ang mga digit ng bilang na 905 ay 9, 0, at 5.
 5. Ang mga digit ng bilang na 686 ay 6, 8, at 6.
- B.
1. 113 > 112
 2. 259 = 259
 3. 197 < 486
 4. 504 < 601
 5. 318 > 308

- C. 1. $20 - 11 = \mathbf{9}$
 2. $9 + 8 = \mathbf{17}$
 3. $13 - 0 = \mathbf{13}$
 4. $12 + 6 = \mathbf{18}$
 5. $17 + 0 = \mathbf{17}$

D. 1.



2.

$$\begin{array}{r} \overset{7}{98}^{14} \\ - 115 \\ \hline \boxed{869} \end{array}$$

4.

$$\begin{array}{r} \overset{6}{7} \overset{10}{12} \\ - 238 \\ \hline \boxed{474} \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 712 \\ - 238 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 700 + 10 + 2 \\ - (200 + 30 + 8) \\ \hline 2 - 8 - - - (a) \end{array}$$

$$\begin{array}{r} \overset{600}{\cancel{700}} + \overset{100}{\cancel{10}} + \overset{12}{2} - - - - (b) \\ - (200 + 30 + 8) \\ \hline 400 + 70 + 4 - - - - (c) \end{array}$$

- (a) $2 - 8$ ay hindi maaari sapagkat ang 8 ay mas higit sa 2.
- (b) Makakukuha tayo ng isang 10 sa 10 na iniwan ang 0 sa hanay ng pansampuan. Ang isang sampu ay katumbas ng 10 tag-iisa. Pagkatapos, makakukuha tayo ng 100 sa 700 na iniwan ang 600 sa hanay ng pandaanan. Ang isang daan ay katumbas ng 10 tag-sasampu.
- (c) Sa pagbabawas ng 8 sa 12, ang matitira ay 4. Sa pagbabawas ng 30 sa 100, ang matitira ay 70. Sa pagbabawas ng 200 sa 600, ang matitira ay 400.

$$712 - 238 = \boxed{474}$$

5.

$$\begin{array}{r} \overset{5}{5} \overset{1}{0} 1 \\ - 48 \\ \hline \boxed{513} \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 561 \\ - 48 \\ \hline \end{array} \quad \begin{array}{r} 500 + 60 + 1 \\ - (40 + 8) \\ \hline 1 - 8 - - - (a) \end{array} \quad \begin{array}{r} 500 + \overset{5}{0} 0 + \overset{1}{1} \\ - (40 + 8) \\ \hline 500 + 10 + 3 - - - - (c) \end{array} \quad \text{----- (b)}$$

- (a) $1 - 8$ ay hindi maaari sapagkat ang 8 ay mas higit sa 1.
- (b) Kukuha tayo ng 10 sa 60 na iniwan ang 50 sa hanay ng pansampuan. Ang isang sampu ay katumbas ng 10 tag-iisa.
- (c) Sa pagbabawas ng 8 sa 11, ang matitira ay 3. Sa pagbabawas ng 40 sa 50, ang matitira ay 10. Sa pagbabawas ng 0 sa 500, ang matitira ay 500. Kung kaya, atin lang ibababa ang 500.

$$561 - 48 = \boxed{513}$$